

Checklist ng Pag-apply sa SBA Paycheck Protection Program (PPP) Loan

(SBA Paycheck Protection Program (PPP) Loan Checklist)

Sino ang maaring mag-apply?

Mga maliliit na negosyo na umiral bago Pebrero 15, 2020 at may limang daan (500) o mas kaunting empleyado. Mga ahensiyang di pangkalakal (nonprofit), organisasyon ng mga beterano, indibidwal na sariling nagtatrabaho (self-employed), solong pagmamay-ari (sole proprietorship), at independiyenteng kontratista (independent contractor) ay kuwalipikadong mag-apply.

Paano ito gumagana?

Ang PPP ay nagbibigay ng pondo sa maliliit na negosyo para mabayaran ng hanggang walong (8) linggo ang mga gastos sa payroll o suweldo/sahod ng mga empleyado kabilang ang mga benepisyo (bayad na bakasyon/pagkakasakit, segurong pangkalusugan, at benepisyo sa pagreretiro.) Maari din gamitin ang isang bahagi ng pondo para bayaran ang interes sa mortgage, upa, at kagamitan (utilities).

Ang pautang ay ganap na mapapatawad (di na sisingilin) kung mahigit kumulang pitumpit-limang porsyento (75%) ng pondong hiniram ay ginamit sa pagbayad ng gastos sa payroll at ang natitirang dalawampung-limang porsyento (25% o mababa pa dito) ay ginamit sa pagbayad ng interes sa mortgage, upa, at utilities. Ang pagbabayad ng pautang ay ipagpapaliban ng anim (6) na buwan. Kung hindi nasunod ang nasabing kundisyon, magsisimula ang pagbayad matapos ang 6 na buwan mula sa pagtanggap ng pautang. Ang anumang halaga na di pinatawad ay buong mababayaran (amortized) sa natitirang panahon ng labingwalong (18) buwan. Walang kinakailangang kolateral o personal na garantiya.

Ang pagpapatawad ng pautang ay base sa employer na mapanatili o mabilis muling upahan ang mga empleyado at mapanatili ang mga antas ng suweldo at sahod. Ang mapapatawad na utang ay babawasan kung ang bilang ng empleyado ay bumaba at ang mga suweldo at sahod ay lumiit.

Paano mag-apply?

Maaring mag-apply sa mga aprubadong nagpapautang o SBA lender (American Savings Bank, Bank of Hawaii, Central Pacific Bank, First Hawaiian Bank, Gather FCU (Lihue), Hawaii Central FCU, Hawaii National Bank, Hawaii USA FCU, Kauai Government EFCU, Ohana Pacific Bank, o Territorial Savings Bank) **kung saan ay mayroon ka nang account.** Kung wala ka pang account sa alinmang aprubadong SBA lender, karagdagang papeles para sa pagsunod sa regulasyon ng Bank Secrecy Act ay kakailanganin.

Ang mga nagpapautang ay maaring humingi ng karagdagang impormasyon o dokumentasyon.

Bilang karagdagan sa nakumpletong aplikasyon, ang aplikante ay maaring hilingan na magbigay ng mga sumusunod na dokumentasyon para mapabilis ang pagproseso ng pautang:

Maliliit na Negosyo (di hihigit sa 500 empleyado)

- Kopya ng balidong photo I.D (Driver's License, State I.D. o passport) ng lahat ng awtorisadong pipirma
- Patunay ng pagbuo ng korporasyon (Articles of Incorporation, Articles of Organization, etc.)
- North American Industry Classification System ("NAICS") code (<https://www.naics.com/search/>)
- Bilang ng empleyado (full-time at part-time) na nakatira sa U.S. Huwag isama sa bilang ang mga independent contractor o H-2 na empleyado.
- Payroll processor records (kung gamit) at/o Payroll records, kasama ng:
 - IRS Form 941 (sahod kada tatlong buwan) or IRS Form 944 (sahod sa kalendaryong taon)
 - Gastos sa healthcare na binabayaran ng employer
 - Gastos sa retirement na binabayaran ng employer

Sole Proprietors, Independent Contractors, Self-Employed

- Kopya ng balidong photo I.D. (Driver's License, State I.D. o passport) ng lahat ng awtorisadong pipirma
- Patunay na ang negosyo ay umiral bago Pebrero 15, 2020
- Form 1099-MISC para sa Independent Contractors
- 2019 IRS form 1040 Schedule C at Schedule SE (kita at gastos) para sa Sole Proprietors at Self-Employed
- Kung ang aplikante ay walang nasabing dokumentasyon, kinakailangan nitong magbigay sa lender ng iba pang pangsuportang dokumentasyon, tulad ng bank records na sapat magpapakita ng kuwalipikadong halaga ng payroll.

Nonprofits

- Kopya ng balidong photo I.D (Driver's License, State I.D. o passport) ng lahat ng awtorisadong pipirma
- Taxpayer Identification Number ng awtorisadong pipirma
- IRS Form 990
- Payroll processor records (kung gamit) at/o Payroll records, kasama ng:
 - IRS Form 941 (sahod kada tatlong buwan) o IRS Form 944 (sahod sa kalendaryong taon)
 - Gastos sa healthcare na binabayaran ng employer
 - Gastos sa retirement na binabayaran ng employer

Information provided by
State of Hawaii Department of Business, Economic Development & Tourism



While we have done our best to provide you with accurate information, SBA may be providing updated information and/or additional requirements. Please check with your SBA approved Lender.